AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 37**

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 37 |
| --- |
| Theme: Ang Adventures ni Captain Kalikasan - “Si Idol At Ako, Savior Ng Kalikasan” |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Si Idol At Ako, Savior Ng Kalikasan**

**WRITING PROMPT LESSON 37**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher _________!

Sa nakaraang aralin, nalaman natin kung paano nagsimula si Captain Kalikasan. Sa araw na ito ating makikilala ang isa pang tagapagligtas ng kalikasan! Ating alamin kung sino siya!

**II.Writing Prompt of the Day**

Nagsimula ang iyong adventure bilang si Captain Kalikasan. Sa araw na ito, kinailangan mong tumungo sa kagubatan ng Sierra Madre dahil sa nasagap mong may mga fire monsters dito na sumisira sa mga puno dito!

Pagdating doon nakita mong napakadami pala ng mga fire monsters at kahit ikaw ay mahihirapang kalabanin silang lahat. Bago simulan ang iyong pakikipaglaban ay sumigaw ka ng “Tulong!!!” dahil maaaring may makarinig sa iyong daing at tumulong sa iyo.

Habang sinasagupa ang mga fire monsters, may nakita ka sa malayo na paparating. Pagkalapit niya ay nakita mong ito ang iyong idol! Siya rin ay isang tagapagligtas ng kalikasan at nariyan siya upang tumulong sa iyo!
•Sino ang idol mong tumulong sa iyo? (Maaaring singer, artista o kahit sinong idol mo)
•Ano ang kanyang superhero name?
•Ano ang itsura ng costume niya?
•Ano ang kanyang mga kapangyarihan?
•Paano niyo matatalo ang kalabang fire monsters?

**III.Teacher's Message**
Ikwento ang inyong adventure kasama ang inyong idol. Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."